



## **PAGTATAYA SA KATAPATAN BATAY SA MOTIBASYON SA PAGESUNOD SA CAREER PROGRESSION AT SELF-EFFICACY NG MGA GURO SA ANTAS NG SEKONDARYA**

Johna Mae L. Edu <sup>1</sup>  
Estrella B. Salazar <sup>2</sup>

*Graduate School, Holy Cross of Davao College, Davao City, Philippines*

<sup>1</sup> ORCID: 0009-0003-0560-8824

<sup>2</sup> ORCID: 0009-0002-4657-6753

### **ABSTRACT**

Ang mababang motibasyon ng mga guro sa pagsunod ng mga alituntunin ay nakababahala. Ang pagkamakabuluhan ng motibasyon ng guro at self-efficacy ng guro sa katapatan sa pagsunod ay sinuri. Gumamit ang pag-aaral ng predictive research design upang suriin ang ugnayan ng mga baryabol. Ang mga kalahok ay kinabibilangan ng 278 na mga guro na pinili sa pamamagitan ng proportionate stratified random sampling, mula sa Cluster 1 ng Rehiyon XI, Lungsod ng Davao, ang datos ay nakalap gamit ang talatanungan. Isinagawa ang pagsusuri ng datos gamit ang multiple linear regression. Ipinakita ng resulta na may bahagyang makabuluhang ugnayan ang motibasyon at self-efficacy sa katapatan ng pagsunod bagama't hindi lahat ng baryabol ay nagpakita ng makabuluhang prediktor. Sinusuportahan ng mga natuklasan ang Social Cognitive Theory na nagbibigay-diin sa interaksyon ugnayan ng mga personal na salik, gawi, at kapaligiran sa paghubog ng kilos ng tao. Inirerekomenda ang pagsisiyasat sa iba pang salik (72.5%) na nakaaapekto sa katapatan sa pagsunod, paggamit ng kwalitatibong pananaliksik upang mas maunawaan ang karanasan ng mga guro, at pagpapatupad ng mga pagsasanay at programang magpapalakas sa kanilang self-efficacy.

**Mga Susing Salita:** *Pagtataya sa katapatan, motibasyon sa pagsunod sa career progression, self-efficacy, guro sa antas ng sekondarya*

## INTRODUKSIYON

Ang implementasyon ng Career Progression System sa Pilipinas ay naglalayong kilalanin ang kontribusyon ng mga guro at magbigay ng malinaw na landas para sa kanilang propesyonal na pag-unlad. Gayunpaman, nananatiling hamon ang pare-pareho at epektibong pagsunod ng mga guro sa mga itinakdang alituntunin, partikular sa bahagi ng dokumentasyon, pagbuo ng portfolio, at aktibong pakikilahok sa mga programang pangkaunlaran. Ipinapakita ng mga sitwasyong ito na ang pagsunod sa career progression ay hindi lamang nakabatay sa polisiya kundi nakaugnay din sa mga personal na salik ng guro tulad ng motibasyon at paniniwala sa sariling kakayahan (Marcial et al., 2024).

Sa pandaigdigang konteksto, ipinakita sa iba't ibang pag-aaral na ang motibasyon at self-efficacy ay may mahalagang papel sa paghubog ng propesyonal na pagganap at pagsunod ng mga guro. Natuklasan na ang mataas na antas ng motibasyon ng guro ay kaugnay ng mas mataas na antas ng propesyonal na pakikilahok at pagiging epektibo sa pagtuturo (González-García et al., 2025). Kaugnay nito, ang self-efficacy ay kinikilalang mahalagang salik na nakaaapekto sa kakayahan ng guro na maisakatuparan ang mga tungkulin sa pagtuturo, pamamahala sa silid-aralan, at pakikilahok sa mga programang pang-edukasyon (Tschannen-Moran & Hoy, 2001). Ipinakita rin sa mga pag-aaral na ang mga gurong may mataas na self-efficacy ay mas may kakayahang umangkop sa mga pagbabago at mas malamang na magpakita ng mataas na antas ng pagsunod sa mga pamantayan at programa sa edukasyon (Aytaç, 2021; Ochwo et al., 2023).

Sa iba pang konteksto, natuklasan din na ang self-efficacy ay may makabuluhang kaugnayan sa work engagement at job performance, na nagpapahiwatig na ang paniniwala ng isang indibidwal sa kanyang kakayahan ay mahalagang salik sa aktibong pakikilahok at pagsunod sa mga gawain (Mardiana & Wijono, 2022; Calkins et al., 2023). Dagdag pa rito, ipinakita sa mga pag-aaral na ang kombinasyon ng mataas na motibasyon at self-efficacy ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng propesyonal na pagganap at organisasyonal na pakikilahok (Octoria et al., 2024). Ipinapahiwatig ng mga natuklasang ito na ang dalawang salik na ito ay maaaring magsilbing mahalagang tagahula ng pag-uugali at pagsunod ng mga guro sa mga programang pang-edukasyon.

Sa kontekstong Pilipino, ipinakita rin sa mga lokal na pag-aaral na ang self-efficacy ng guro ay may positibong kaugnayan sa kanilang pagganap at kakayahang makibagay sa mga pagbabago sa sistema ng edukasyon, lalo na sa panahon ng “new normal” (Daria, 2023). Gayunpaman, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na sabayang sumusuri sa motibasyon at self-efficacy bilang mga salik na nakaaapekto sa katapatan sa pagsunod sa career progression ng mga guro. Ang kakulangan ng empirikal na ebidensya sa lokal na konteksto ay nagpapakita ng pangangailangan para sa isang pag-aaral na magtutukoy kung paano nahuhulaan ng mga personal na salik na ito ang pagsunod ng mga guro sa mga itinakdang programa.

Samakatuwid, layunin ng pag-aaral na ito na matukoy kung paano naiimpluwensiyahan ng motibasyon at self-efficacy ng guro ang kanilang katapatan sa

pagsunod sa career progression. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng empirikal na batayan para sa pagbuo ng mga programang pang-edukasyon at mga polisiyang magpapalakas sa kakayahan, motibasyon, at propesyonal na pagsunod ng mga guro sa sistemang pang-edukasyon.

### **Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy kung paano natataya ng motibasyon at self-efficacy ng guro ang katapatan sa pagsunod. Nilalayon ng pananaliksik na ito na sagutin ang sumusunod na mga suliranin:

1. Matukoy ang antas ng motibasyon ng guro batay sa panloob at panlabas; self-efficacy ng guro batay sa paglahok ng mag-aaral, istrategiya sa pagtuturo at pamamahala sa silid-aralan; at katapatan sa pagsunod batay sa pagsunod sa programa, pagtugon ng kalahok, at kalidad ng paghahatid;
2. Matukoy ang makabuluhang ugnayan ng motibasyon ng guro, self-efficacy, at katapatan sa pagsunod sa career progression; at
3. Matukoy ang lakas ng kahalagahan ng motibasyon ng guro at self-efficacy ng guro bilang salik na nagtataya sa katapatan sa pagsunod sa career progression.

### **Haypotesis**

Ang haypotesis ay susubukin sa 0.05 antas ng kahalagahan.

H<sub>0</sub>1: Walang makabuluhang ugnayan ang motibasyon ng guro sa katapatan sa pagsunod ng career progression.

H<sub>0</sub>2: Walang makabuluhang ugnayan ang self-efficacy ng guro sa katapatan sa pagsunod sa career progression.


H<sub>0</sub>3: Walang makabuluhang ugnayan ang motibasyon ng guro at self-efficacy ng guro bilang salik na nagtataya sa katapatan sa pagsunod sa career progression.

### **Teoritikal at Konseptuwal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Social Cognitive Theory ni Albert Bandura (1986), na nagbibigay-diin sa ugnayan ng mga personal na salik, gawi, at kapaligiran sa paghubog ng kilos ng tao.

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang motibasyon at self-efficacy ng guro ay itinuturing na mga personal na salik na nakaaapekto sa kanilang propesyonal na pag-uugali. Ang katapatan sa pagsunod sa career progression ay itinuturing na kinalabasang gawi na maaaring mahulaan batay sa antas ng motibasyon at paniniwala ng guro sa kanilang sariling kakayahan. Sa ganitong pananaw, ang motibasyon at self-efficacy ay nagsisilbing mga malayang baryabol na may direktang ugnayan sa katapatan sa pagsunod bilang di-malayang baryabol. Hindi isinama sa pag-aaral ang salik na

pangkapaligiran upang higit na mapokus ang pagsusuri sa papel ng mga personal na salik sa paghubog ng pag-uugali ng mga guro.



*Talaguhitan 1: Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral*

## METODOLOHIYA

### Disenyo

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng predictive research design na naglalayong matukoy kung paano nahuhulaan ng motibasyon at self-efficacy ng guro ang katapatan sa pagsunod sa career progression. Ito ay umaakma sa deskriptibo at eksplanatoryong pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri kung ang mga umiiral na teorya o modelo ay may kakayahang tumpak na mahulaan ang mga posibleng kaganapan o kinalabasan. Sa pamamagitan ng paggamit ng estadistikal na pagsusuri at mga modelong prediktibo, layunin ng disenyo ito na matukoy ang antas, ugnayan, at makabuluhang ugnayan ng mga baryabol, at magamit ang mga natuklasan bilang batayan sa pagpapalano at pagpapasya sa mga susunod na sitwasyon (van Witteloostuijn et al., 2022).

### Partisipante ng Pag-aaral

Isinagawa ang pananaliksik sa mga pampublikong paaralan sa Cluster 1 sa Davao City. Ang lokasyong ito ay nagtataglay ng sapat na bilang ng mga guro na tuwirang kasangkot sa mga inisyatiba ng pag-unlad sa propesyon at mga programang pang-propesyonal na pag-usbong sa kakayahan ng mga guro tulad ng career progression.

## Pangangalap ng mga Datos

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng survey technique, ang survey research ay kinapapalooban ng pagtatanong sa mga indibidwal at paggamit ng kanilang mga sagot upang gawing pangkalahatan ang mga natuklasan mula sa isang sampol patungo sa mas malaking populasyon (Goodfellow, 2023). Binanggit nina Kholifah at Sofwan (2024) na ang Teknik ng survey ay nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na mangolekta ng datos sa mabisang paraan mula sa malaking bilang ng mga respondente habang pinapaliit ang oras at gastos.

Binubuo ng tatlong talatanungan ang pananaliksik na ito na iniangkop at binago na kinabibilangan ng mga sumusunod, Teachers' Sense of Efficacy Scale, Teacher Motivation Scale, at Implementation Fidelity Questionnaire. Ang una ay hinango mula sa Teacher Self-Efficacy Scale na binanggit sa pag-aaral nina Covarrubias-Apablaza (2023). Gumamit ng limang puntos na Likert type na iskala upang matukoy ang antas ng paniniwala ng guro sa kanyang kakayahang maisagawa nang epektibo ang mga tungkulin sa pagtuturo. Isinagawa ang pilot testing na nagtamo ng 0.894 na Cronbach's alpha.

Ang ikalawa ay iniangkop sa pag-aaral ni Çolakoğlu (2020) na sukatin ang motibasyon ng mga guro. Gumamit ng limang puntos na Likert type na iskala upang matukoy ang antas ng motibasyon ng mga guro sa kanilang propesyon at trabaho sa paaralan. Isinagawa ang pilot testing na nagtamo ng 0.827 na Cronbach's alpha.

Ang ikatlo ay inirekomenda ng American Institutes for Research (AIR, 2021) na tasahin ang intensyon sa pagsunod sa itinakdang programa. Gumamit ng limang puntos na Likert type na iskala upang matukoy ang antas ng katapatan at kahusayan ng pagsunod ng isang programa batay sa pagsunod sa plano, kalidad ng pagpapatupad at pagtugon ng mga kalahok. Isinagawa ang pilot testing na nagtamo ng 0.842 na Cronbach's alpha.

## Sample and Sampling Technique

Binubuo ng 278 guro sa sekondarya ang naging kalahok sa pag-aaral mula sa mga pampublikong paaralan na kabilang sa cluster 1 ng rehiyon XI, Lungsod ng Davao. Ang laki ng sampol ay tinukoy gamit ang pormula ni Cochran para sa may hangganang populasyon, na may 95% antas ng kumpiyansa, 5% antas ng kamalian, at 50% na tinatayang proporsyon. Mula sa kabuuang populasyon na 1,000 guro, ang nakalkulang laki ng sampol ay nasa 278 na respondente.

Ang mga respondente ay proporsyonal na ipinamahagi sa bawat strata gamit ang proportionate stratified random sampling upang masiguro na ang sample ng mga guro ay representatibo ng iba't ibang subgrupo. Ayon kay Howell et al. (2020), pinapataas ng proportionate stratified random sampling ang respondente ng sampol sa pamamagitan ng paghahati ng populasyon ng pag-aaral sa mga strata at nagpapababa ng bias kaya naman mas tumpak ang resulta.

## Pagsusuri ng Datos

Sa pananaliksik na ito, gumamit ng tatlong teknik sa pagsusuri ng datos na kinapapalooban ng descriptive analysis, correlation analysis, at multiple linear regression analysis. Ang descriptive analysis ay isang estadistikal na pamamaraan na nagbuod at nag-aayos ng datos upang ilarawan ang pangunahing katangian ng dataset, kabilang ang mga sukat ng sentrong tendensya at distribusyon, nang hindi gumagawa ng sanhi at bunga o sumusubok sa ugnayan ng mga baryabol (Lim, 2025). Kasabay nito, ang correlation analysis ay ginagamit upang suriin ang lakas at direksyon ng ugnayan ng dalawa o higit pang baryabol, sinusukat kung positibo, negatibo, o walang ugnayan, ngunit hindi itinataguyod ang causation (Frost, 2023). Ang Pearson Product Moment Coefficient ang ginamit bilang statistical treatment sa pagsusuri ng datos. Samantala, ang multiple linear regression analysis ay ginagamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng mga malalayang baryabol, partikular ang motibasyon at self-efficacy ng guro, sa di-malayang baryabol na katapatan sa pagsunod sa career progression, at upang matukoy kung alin sa mga baryabol ang may pinakamalakas na ambag sa paghuhula ng kinalabasan (Roustaei, 2024).

Ang matriks na nagpapakita ng iskala, antas ng paglalarawan, at kaukulang interpretasyon para sa bawat baryabol ay inilahad, na ginamit upang ilarawan ang paniniwala ng guro sa kaniyang kakayahan, motibasyon ng guro sa kanilang propesyon, at katapatan sa pagsunod sa itinakdang programa.

## RESULTA

### Deskriptibong Resulta

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang mga deskriptibong estadistikal na resulta ng pag-aaral. Nakapaloob sa talahanayan ang mga baryabol na sinuri, kabilang ang motibasyon ng guro, katapatan sa pagsunod, at self-efficacy, kasama ang kani-kanilang mga indikador. Inilahad din ang bilang ng mga kalahok, standard deviation, mean, at ang katumbas na antas ng deskriptibong interpretasyon para sa bawat baryabol.

#### ***Talahanayan 1. Deskriptibong Talahanayan***

<b>Mga Baryabol</b>	<b>N</b>	<b>SD</b>	<b>Mean</b>	<b>Antas/ Lebel</b>
	278			
Motibasyon Ng Guro		.35	4.74	Napakataas
<i>Panloob na Motibasyon</i>		.33	4.79	Napakataas
<i>Panlabas na Motibasyon</i>		.40	4.69	Napakataas
Katapatan sa Pagsunod		.53	4.48	Napakataas
<i>Pagsunod sa Programa</i>		.49	4.58	Napakataas
<i>Pagtugon ng Kalahok</i>		.63	4.40	Napakataas
<i>Kalidad ng Paghahatid</i>		.63	4.44	Napakataas
Self-Efficacy		.36	4.68	Napakataas

---

<i>Paglahok ng Mag-aaral</i>	.39	4.72	Napakataas
<i>Estratehiya sa Pagtuturo</i>	.40	4.67	Napakataas
<i>Pamamahala sa Silid-Aralan</i>	.46	4.66	Napakataas

---

Ipinapakita ng mga resulta na ang mga guro ay may napakataas na antas ng motibasyon, na may kabuuang mean na 4.74. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro ay may napakatibay na motibasyon at pagnanais na gampanan ang kanilang mga propesyonal na tungkulin at lahat ng mga indikador ay may napakataas na antas. Nagtamo rin ito ng standard deviation na 0.35 na inilalarawan na may katamtamang pagkakapareho na nangangahulugang katanggap-tanggap ang antas ng pagkakapareho. Samantala, ang katapatan sa pagsunod ay nagtamo ng kabuuang mean na 4.48 na nasa napakataas na antas

Ipinapahiwatig nito na ang mga guro ay napakabilis sa patuloy at epektibong pagsunod sa mga itinakdang programa at lahat ng mga indikador ay nagtamo ng napakataas na antas. Nagtamo rin ito ng standard deviation na 0.53 na inilalarawan na may mataas na pagkakapareho na nangangahulugang matibay at magkatulad na pananaw. Sa kabilang banda, nagtamo rin ng napakataas na antas ang self-efficacy na may mean na 4.68. Ipinapahiwatig nito na ang mga guro ay may napakataas na kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagtuturo at ang lahat ng mga indikador ay may napakataas na antas. Nagtamo rin ito ng standard deviation na 0.36 na inilalarawan na may katamtamang pagkakapareho na nangangahulugang katanggap-tanggap ang antas ng pagkakapareho.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga natuklasan na ang mga guro ay may matibay na motibasyon, epektibong pagsunod sa mga programa, at mataas na kumpiyansa sa kanilang kakayahan na mahalaga sa epektibong pagtuturo. Ang kombinasyon ng mga salik na ito ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay hindi lamang masigasig sa pagtupad ng kanilang tungkulin kundi nakasisiguro rin ng kalidad ng implementasyon at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, na nagtataguyod ng pangkalahatang propesyonal na kahusayan sa larangan ng edukasyon.

## **Resulta ng Korelasyon**

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang mga resulta ng korelasyon sa pagitan ng mga baryabol na motibasyon ng guro, self-efficacy, at katapatan sa pagsunod, kung saan ang katapatan sa pagsunod ang criterion variable. Ipinakita rin sa talahanayan ang r-value, p-value, pasya sa haypotesis at interpretasyon.

## Talahanayan 2. Talahanayan ng Korelasyon

Mga Baryabol	Katapatan sa Pagsunod			
	r-value	p-value	Pasya sa H <sub>o</sub>	Interpretasyon
Motibasyon Ng Guro	0.360	0.000	Tinanggihan	Katamtamang mababang makabuluhang ugnayan
Self-Efficacy	0.492	0.000	Tinanggihan	Katamtamang mababang makabuluhang ugnayan

Antas ng kahalagahan: 0.05

Alituntunin sa Pagpapasya: Tanggihan ang H<sub>o</sub> kung ang  $p < 0.05$

Partikular, ang korelasyon sa pagitan ng motibasyon ng guro at katapatan sa pagsunod ay nagtamo ng p-value na 0.000, na mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05 kung kaya't ang haypotesis ay tinanggihan at nagpapahiwatig ng makabuluhang ugnayan. Ang r-value na nagtamo ng 0.360 ay katamtamang mababa, na nagpapahiwatig na habang tumataas ang antas ng motibasyon ng mga guro ay tumataas din ang kanilang katapatan sa pagsunod sa career progression. Samantala, ang korelasyon sa pagitan ng self-efficacy ng guro at katapatan sa pagsunod ay nagtamo ng p-value na 0.000, na mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05 kung kaya't ang haypotesis ay tinanggihan at nagpapahiwatig ng makabuluhang ugnayan. Ang r-value na nagtamo ng 0.492 ay katamtamang mababa, na nagpapahiwatig na ang mga gurong may mataas na paniniwala sa kanilang kakayahan ay mas malamang na magpakita ng mas mataas na katapatan sa pagsunod sa career progression.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang parehong motibasyon at self-efficacy ay mahahalagang salik na may kaugnayan sa katapatan sa pagsunod ng mga guro. Ang makabuluhang ugnayan ay nagpapahiwatig na ang pagtaas ng motibasyon at self-efficacy ay maaaring magdulot ng mas mataas na antas ng pagsunod sa mga propesyonal na pamantayan.

## Resulta ng Regresyon

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang resulta ng regresyon. Inilahad sa talahanayan ang unstandardized B coefficient, standard error, standardized B coefficient, T-value, significance, pasya sa haypotesis, at interpretasyon.

### Talahanayan 3. Talahanayan ng Regresyon (n=278)

Mga Baryabol	Katapatan sa Pagsunod				Sig.	Pasya sa H <sub>0</sub>	Interpretasyon
	Unstandardized Coefficient		Standardized Coefficient				
	B	Std. Error	Beta	T			
Constant	.844	.480	-	1.758	.080	-	-
Motibasyon Ng Guro	.141	.118	.092	1.193	.234	Tinanggap	Walang makabuluhang ugnayan
Self-Efficacy	.633	.112	.436	5.636	.000	Tinanggihan	May makabuluhang ugnayan

Model Summary:

R<sup>2</sup> = 0.248; F-value = 33.231; p-value = 0.000; Puna = Makabuluhang ugnayan

Model: KP = 0.141MG + 0.633SE + 0.844

Antas ng Kahalagahan: 0.05

Alituntunin sa Pagpapasya: Tanggihan ang H<sub>0</sub> kung p < 0.05

Ipinapakita sa talahanayan ang modelo sa katapatan sa pagsunod gamit ang mga salik na nagtataya na motibasyon ng guro at self-efficacy ng guro ay  $KP = 0.141MG + 0.633SE + 0.844$ . Nagtamo ng p-value na 0.000 na mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05 kaya ang haypotesis ay tinanggihan. Ipinapahiwatig nito na ang modelo na nagtataya sa salik na katapatan sa pagsunod ay makabuluhan. Ang R squared na may 0.248 na nagpapahiwatig na ang lakas (24.8%), na nagtataya sa salik na katapatan sa pagsunod ay mahina. Ipinapahiwatig nito na sa bawat isang yunit ng pagbabago sa mga salik na nagtataya sa modelo, may katumbas na pagbabago sa katapatan sa pagsunod.

Ipinapakita ng modelo ang makabuluhang ugnayan bagama't mahina lamang, ito ay nagpapahiwatig na ang motibasyon ng guro at self-efficacy ng guro ay nananatiling mga salik na nagtataya sa katapatan sa pagsunod.

## DISKUSYON

### Korelasyon ng Motibasyon Ng Guro at Katapatan sa Pagsunod

Natuklasan na ang motibasyon ng guro ay may makabuluhang ugnayan sa katapatan sa pagsunod, na nagpapahiwatig na habang tumataas ang antas ng motibasyon ng mga guro ay tumataas din ang kanilang katapatan sa pagsunod. Ang natuklasan sa pananaliksik na ito ay sumusuporta sa nagdaang pananaliksik nina Kumari & Kumar (2023), na nagsasabi na ang mas mataas na antas ng motibasyon ay kaugnay ng mas maayos na pagsunod sa mga responsibilidad sa propesyon. Kaugnay nito, sumasang-ayon din ang pananaliksik na ito sa natuklasang pag-aaral nina Torres et al. (2025), na nagsalaysay na ang pagpapaunlad ng panloob na motibasyon ng guro ay nagtataguyod ng propesyonal na responsibilidad at pagsunod sa mga inaasahang

gawain, na nagpapahiwatig na ang motibasyon ay mahalagang salik sa pagpapatibay ng disiplina at responsableng pagganap ng mga guro.

Sa kabaligtaran, ipinakita sa natuklasan ng pag-aaral nina Kim at Buric (2024) mula sa kanilang longitudinal analysis na nagsasabi na ang mga guro na nakararanas ng matinding workload at organisasyonal na presyon ay maaaring magkaroon ng mababang antas ng pagsunod sa mga programang pangkarera kahit na mataas ang kanilang motibasyon. Ipinahihiwatig nito na ang mga salik tulad ng stress at workload ay maaaring magpahina sa inaasahang positibong epekto ng motibasyon at self-efficacy sa katapatan sa pagsunod, na nagbibigay ng alternatibong paliwanag sa ugnayan ng mga baryabol sa kasalukuyang pag-aaral. Mas tiyak at maasahan ang kasalukuyang pananaliksik sapagkat ito'y nagtataglay ng 278 respondente habang ang kabaligtarang pananaliksik ay mayroon lamang na 67 respondente.

### **Korelasyon ng Self-Efficacy at Katapatan sa Pagsunod**

Natuklasan na ang self-efficacy ng guro ay may makabuluhang ugnayan sa katapatan sa pagsunod, na nagpapahiwatig na ang mga gurong may mataas na paniniwala sa kanilang kakayahan ay mas malamang na magpakita ng mas mataas na katapatan sa pagsunod. Ang ganitong resulta ay kaayon sa pag-aaral nina Wang & Zhang (2023) na nagsasabing ang self-efficacy ay direktang nakaaapekto sa pagganap, pakikilahok, at pagpapatuloy ng mga guro sa mga programang pangkaunlaran Kaugnay nito, sumasang-ayon din ang pananaliksik na ito sa pag-aaral nina Gamuza et al. (2025) na ang self-efficacy ay may makabuluhang positibong ugnayan sa performance ng mga guro, kung saan mas tumataas ang kalidad ng kanilang trabaho kapag mas mataas ang kanilang self-efficacy.

Sa kabaligtaran, ipinakita sa natuklasan nina Jerrim et al. (2024) na bagama't may mataas na self-efficacy ang ilang guro, walang malinaw na ugnayan sa kalidad ng pagtuturo kapag ito ay sinuri ng mga ekspertong tagamasid, na nagpapahiwatig na maaaring hindi palaging tumataas ang performance kahit mataas ang self-efficacy. Bagama't mas mataas ang bilang ng sampol ng sinalungat na pag-aaral na may 679 respondente, ang pag-aaral naman ay ginanap sa walong bansa: Chile, Colombia, England, Germany, Japan, Spain, Mexico at China. Samantala ang kasalukuyang pananaliksik na nagtataglay ng 278 na respondente ay ginanap lamang sa isang cluster sa Davao City na isa sa mga siyudad ng bansang Pilipinas, kaya mas nananatiling tiyak at maaasahan ito.

### **Motibasyon ng Guro at Self-Efficacy Ng Guro bilang salik na nagtataya Sa Katapatan Sa Pagsunod**

Natuklasan na kapag ipinagsama ang motibasyon ng guro at self-efficacy ng guro bilang salik na nagtataya sa katapatan sa pagsunod ay may makabuluhang ugnayan. Ang natuklasan ng pananaliksik na ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Li (2023) na ang teacher motivation at self-efficacy ay may makabuluhang pinagsamang impluwensiya sa professional commitment at work engagement ng mga guro, kung saan

ang mataas na antas ng dalawang salik na ito ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng responsableng pagganap at pagsunod sa mga tungkulin sa paaralan. Kaugnay nito, panig din ang natuklasan sa pag-aaral nina Sunitha at Kalaivani (2023) na ang work motivation at self-efficacy ng mga guro ay may makabuluhang kaugnayan sa kanilang professional commitment, na nagpapahiwatig na ang mga guro na may mataas na motibasyon at kumpiyansa sa kanilang kakayahan ay mas nagiging tapat sa kanilang tungkulin at responsibilidad sa propesyon.

Kasalungat sa pag-aaral nina Cayupe et al. (2023), na bagama't ang self-efficacy ay itinuturing na mahalagang sikolohikal na salik, ang epekto nito sa organizational commitment ay hindi tuwirang malakas at kadalasang naipapaliwanag lamang sa pamamagitan ng ibang mediating variables tulad ng job satisfaction. Ipinapahiwatig nito na ang self-efficacy at motibasyon lamang ay hindi sapat upang direktang mahulaan ang katapatan o commitment sa trabaho, na sumasalungat sa ideya ng direktang at malakas na ugnayan ng mga salik na ito.

## **Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral, hinihinuha na ang lakas ng modelo upang mahulaan ang katapatan sa pagsunod gamit ang mga salik sa pagtataya na motibasyon ng guro at self-efficacy ng guro ay may makabuluhang ugnayan. Bagama't hindi lahat ng baryabol ay nagpakita ng makabuluhang ugnayan, ang interkoneksyon ng dalawang baryabol naman ay bahagya at parsyal na sumusuporta sa Social Cognitive Theory, binigyang-diin ang ugnayan ng mga personal na salik, gawi, at kapaligiran sa paghubog ng kilos ng tao.

## **Rekomendasyon**

Inirerekomenda na siyasatin ang karagdagang (72.5%) mga salik na nakaaapekto sa katapatan sa pagsunod na hindi kasali sa kasalukuyang pag-aaral. Iminumungkahi rin ang paggamit ng kwalitatibong upang isiwalat ang umuusbong na mga tema upang higit na maunawaan ang karanasan at kasanayan ng mga guro.

Sa karagdagan, kinakailangang maglunsad ang mga paaralan at tagapamahala ng mga pagsasanay, mentoring, at professional development activities na magpapalakas sa self-efficacy ng mga guro, sapagkat ito ang napatunayang may makabuluhang ugnayan sa katapatan sa pagsunod.

## **Pagsunod sa Pamantayang Etikal**

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa nang may lubos na pagsunod sa mga alituntunin ng etika sa pananaliksik upang mapangalagaan ang karapatan at kapakanan ng mga kalahok. Bago sinimulan ang paglikom ng datos, hiningi muna ang pahintulot mula sa kaukulang awtoridad ng mga paaralan at nagpalabas ng informed consent form para sa mga respondente upang maipaliwanag ang layunin, pamamaraan, at inaasahang partisipasyon sa pag-aaral. Tiniyak na ang paglahok ng mga guro ay ganap na boluntaryo at may karapatan silang tumanggi o umatras anumang oras nang walang magiging

negatibong epekto. Pinatili rin ang kompidensiyalidad at pagiging lihim ng mga impormasyong kanilang ibibigay alinsunod sa mga pamantayan ng Data Privacy Act of 2012 (RA 10173) upang maprotektahan ang sensitibong impormasyon. Sumailalim ang research proposal sa masusing pagsusuri ng Society of Moral Integrity and Legal Ethics (SMILE) upang masiguro na ang pag-aaral ay maisasagawa nang may paggalang sa dignidad, integridad, at karapatan ng mga guro na kalahok.

## Pasasalamat

Ang matagumpay na pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito ay bunga ng tulong, paggabay, at suporta ng mga taong naging bahagi ng aking akademikong paglalakbay. Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa mga tagasuri, tagapayo, at mga dalubhasa na nagbigay ng mahahalagang suhestiyon at kaalaman upang mapabuti ang pag-aaral na ito. Lubos ring pinahalagahan ng mananaliksik ang suporta ng mga punongguro, guro, at respondente na naging katuwang sa pangangalap ng datos, gayundin ang mga kaibigan, kaklase, at katrabaho na nagsilbing inspirasyon sa gitna ng mga hamon. Higit sa lahat, iniaalay ng mananaliksik ang pinakamalalim na pasasalamat sa pamilya at sa kabiyak sa buhay na naging matibay na sandigan, at sa Poong Maykapal na nagbigay ng lakas, karunungan, at patnubay upang matagumpay kong matapos ang pananaliksik na ito.

## REFERENCES

- American Institutes for Research. (2021). Measuring fidelity of implementation toolkit.
- Aytaç, A. (2021). A study of teachers' self-efficacy beliefs, motivation to teach, and curriculum fidelity: A path analysis model. *International Journal of Contemporary Educational Research*, 8(4), 130–143. <https://doi.org/10.33200/ijcer.898186>
- Bandura, A. (1986). *Social foundations of thought and action: A social cognitive theory*. Prentice-Hall.
- Calkins, L., Wiens, P., Parker, J., & Tschinkel, R. (2023). Teacher motivation and self-efficacy: How do specific motivations for entering teaching relate to teacher self-efficacy? *Journal of Teacher Education*, 204(2). <https://doi.org/10.1177/00220574221142300>
- Cayupe, J. C., Bernedo-Moreira, D. H., Morales-García, W. C., López Alcaraz, F., Carrasco Peña, K. B., & Saintila, J. (2023). Self-efficacy, organizational commitment, workload as predictors of life satisfaction in elementary school teachers: The mediating role of job satisfaction. *Frontiers in Psychology*, 14. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.1066321>
- Çolakoğlu, N. (2020). Adaptation of the Teacher Motivation Scale for use in Turkey. *International Journal of Educational Methodology*.
- Covarrubias-Apablaza, M., & Mendoza-Lira, E. (2023). Psychometric properties of the Teachers' Sense of Efficacy Scale in a sample of Chilean public-school teachers. *Frontiers in Psychology*, 14. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.1272548>

- Daria, L. (2023). Self-Efficacy, Self-Management and Performance of Teachers on the New Normal. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 10(4), 1-10. <https://doi.org/10.5281/zenodo.8114467>
- Frost, J. (2023). Correlation: Definition, types, and examples. *Statistics by Jim*. <https://statisticsbyjim.com/basics/correlations/>
- Gamuza, R. A., Lachica, R. L., & Bautista, M. A. (2025). Teachers' self-efficacy and performance. *Zenodo*. <https://doi.org/10.5281/zenodo.15647894>
- González-García, H., Fuentes, S., & Renobell, V. (2025). Correction: A cross-sectional study of teachers' motivational profiles during COVID-19 lockdown: Relationship with teaching satisfaction, loneliness, and affects. *BMC Psychology*, 13(1), 1169. <https://doi.org/10.1186/s40359-025-03533-y>
- Goodfellow, L. T. (2023). An overview of survey research. *Respiratory Care*, 68(9), 1309–1313. <https://doi.org/10.4187/respcare.11041>
- Howell, C. R., Su, W., Nassel, A. F., Agne, A. A., & Cherrington, A. L. (2020). Area based stratified random sampling using geospatial technology in a community-based survey. *BMC Public Health*, 20, Article 1678. <https://doi.org/10.1186/s12889-020-09793-0>
- Jerrim, J., Prieto-Latorre, C., Marcenaro-Gutierrez, O. D., & Shure, N. (2024). Teacher self-efficacy, instructional practice, and student outcomes: Evidence from the TALIS video study. *American Educational Research Journal*, 62(2). <https://doi.org/10.3102/00028312241300265>
- Kholifah, E. R., & Sofwan, M. (2024). Comparison of data collection methods: Advantages and disadvantages. *Jurnal Kepemimpinan dan Pengurusan Sekolah*, 9(4), 519–528. <https://doi.org/10.34125/jkps.v9i4.628>
- Kim, L. E., & Burić, I. (2024). Teacher self-efficacy, job stress, and professional behavior: A longitudinal perspective on teacher functioning. *Teaching and Teacher Education*, 132, 104239. <https://doi.org/10.1016/j.tate.2023.104239>
- Kumari, J., & Kumar, J. (2023). Influence of motivation on teachers' job performance. *Humanities and Social Sciences Communications*, 10, 158. <https://doi.org/10.1038/s41599-023-01662-6>
- Li, X. (2023). The effect of teacher self-efficacy, teacher resilience, and emotion regulation on teacher burnout: a mediation model. *Frontiers in Psychology*, 14, Article 1185079. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.1185079>
- Lim, W. M. (2024). What is quantitative research? An overview and guidelines. *Australasian Marketing Journal*, 33(3). <https://doi.org/10.1177/14413582241264622>
- Marcial, D. E., Palama, J. C., Bucog, F., & Binarao, S. (2024). Teachers' profile, motivation, aptitude, and satisfaction in a virtual upskilling environment. *Information Technologies and Learning Tools*, 101(3), 164–180. <https://doi.org/10.33407/itlt.v101i3.5491>
- Mardiana, K. A., & Wijono, S. (2022). Hubungan self-efficacy dengan work engagement pada karyawan pusat pengembangan anak (YCI) selama masa pandemi COVID-19. *Bulletin of Counseling and Psychotherapy*, 4(3), 778–784. <https://doi.org/10.51214/bocp.v5i1.430>
- Ochwo, R., Wilson, M., & Kasule, G. W. (2023). Institutional factors and curriculum fidelity in vocational training centres in Kampala City, Uganda. *Interdisciplinary*

- Journal of Education Research, 5, 35–47. <https://doi.org/10.38140/ijer-2023.vol5.04>
- Octoria, D., Harahap, D. H., & Sari, P. R. (2024). The effect of teachers' self-efficacy and teaching commitment on pre-service teachers' performance. *Multidisciplinary Science Journal*, 7(4), 2025181. <https://doi.org/10.31893/multiscience.2025181>
- Roustaei, N. (2024). Application and interpretation of linear regression analysis. *Journal of Clinical and Diagnostic Research*. <https://pmc.ncbi.nlm.nih.gov/articles/PMC11537238/>
- Sunitha, N. J., & Kalaivani, S. (2023). Professional commitment of teachers in relation to their work motivation and self-efficacy. *International Journal of Indian Psychology*, 11(3), 4877–4884. <https://doi.org/10.25215/1103.455>
- Torres, J. L., Apurado, M. B., Joy, J., & Duran, M. (2025). Beyond compliance: Fostering internal motivation and professional responsibility among teachers. <https://doi.org/10.5281/zenodo.15648945>
- Tschannen-Moran, M., & Hoy, A. W. (2001). Teacher efficacy: Capturing an elusive construct. *Teaching and Teacher Education*, 17(7), 783–805. [https://doi.org/10.1016/S0742-051X\(01\)00036-1](https://doi.org/10.1016/S0742-051X(01)00036-1)
- van Witteloostuijn, A., Vanderstraeten, J., Slabbinck, H., Dejardin, M., Hermans, J., & Coreynen, W. (2022). From explanation of the past to prediction of the future: A comparative and predictive research design in the social sciences. *Social Sciences & Humanities Open*, 6(1), 100269. <https://doi.org/10.1016/j.ssaho.2022.100269>
- Wang, M., & Zhang, L. J. (2023). Understanding teachers' online professional learning: A "Community of inquiry" perspective on the role of Chinese middle school teachers' sense of self-efficacy and online learning achievement. *Heliyon*, 9(6), e16932. <https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2023.e16932>

**APA Citation:**

Edu, J. M. L., & Salazar, E. B. (2026). PAGTATAYA SA KATAPATAN BATAY SA MOTIBASYON SA PAGSUNOD SA CAREER PROGRESSION AT SELF-EFFICACY NG MGA GURO SA ANTAS NG SEKONDARYA. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 4(6), 81–94. <https://doi.org/10.5281/zenodo.20508995>

Corresponding author: [johnmae.edu@hcdc.edu.ph](mailto:johnmae.edu@hcdc.edu.ph)

